# KALATAS

Opisyal na Pahayagan ng Rebolusyonaryong Mamamayan ng Timog Katagalugan

TOMO 44 BILANG 4 BASAHIN AT TALAKAYIN ABRIL 2024


EDITORYAL

## Biguin ang pakanang gera ng mapandigmang imperyalismong US

Ang imbing layunin ng US na magpakana ng gera sa loob ng bakuran ng Pilipinas ay dapat puspusang labanan ng lahat ng makabayan, progresibo at demokratikong pwersang Pilipino kakapit-bisig ang iba pang mamamayan ng daigdig. Puspusang ilantad at labanan ang mapandigmang layunin ng imperyalistang US sa Asia Pacific. Ito ang wastong paraan ng pagtatanggol sa soberanya ng Pilipinas at kagalingan ng mamamayang Pilipino. Kaakibat nito ang pagkundena at pagpapanagot sa mga ahente at tuta nitong lokal na naghaharing uri't kolaboreytor sa pangunguna ni Marcos Jr. at ang AFP na mga instrumento ng pasistang paghahari ng imperyalismo.

Walang ibang pahiwatig ang dami at sinsin ng pakat ng pwersa ng US kundi gera sa Asia Pacific. Ginagamit nitong tabing ang agresibong pag-angkin ng China sa 90% ng South China Sea ngunit sa aktwal ay ginagatungan nito ang karibal upang pwersahin na unang magpaputok. Nais ng US na ibaling ang sisi sa China upang pagtakpan ang katotohanang matagal na nitong pinaplano ang gera sa Asia Pacific, alinman sa West Philippine Sea (WPS) o sa Taiwan.

Dapat ilinaw na bagamat totoong nilalapastangan ng China ang soberanong karapatan ng mga Pilipino sa WPS, US pa rin ang nakakubabaw sa lipunang Pilipino at siya ngayong nangunguna sa panghihimasok militar sa bansa. Bakas ang engrandeng planong militar ng US sa pagmamaniobra ng libu-libong pwersang militar at sandata nito, pati mga barkong pandigma at *fighter jet* sa paligid at loob ng Pilipinas maging sa paligid ng Taiwan at China. Sa nakaraang mga buwan, abala ang US sa pagpi-*preposition* ng mga armas pandigma nito at paglulunsad ng mga magkasamang pagsasanay sa operasyon sa tubig, lupa, himpapawid pati *cyber* sa pagitan ng AFP at pwersang militar nito sa Pilipinas. Malinaw na ito'y *dry run* para sa digmang agresyon sa China lalo na't isinasagawa ang karamihan dito sa kanlurang bahagi ng Luzon at mga baybaying direktang kaharap ng WPS.



KALATAS
Abril 2024
TOMO 44 BILANG 4

NILALAMAN

1 Biguin ang pakanang gera ng mapandigmang imperyalismong US
3 Ayon kay Ka Joma
4 Pangunahing Lathalain: US at China, layas sa WPS! Ang patuloy na paglapastangan ng US at China sa kalayaan at soberanya ng bansa
5 Balita: Mga aktibidad ng Balikatan 39-24 sa TK, kinundena
6 Lathalain: PJMS sa TK, tagpuan at pandayan ng rebolusyonaryong teorya at praktika
7 Lathalain: Pakikibaka para sa buhay at kabuhayan ng Caviteño
8 Tugon ni PdG: Paano niyuyurakan ng Balikatan Exercises ang pambansang soberanya ng Pilipinas?
10 Tigil-pasada, sagot ng mga tsuper sa dedlayn ng pwersahang konsolidasyon
11 Marahas na pang-aagaw sa Lupang Tartaria, nilalabanan
11 Pamimigay ng pekeng CLOA sa Palawan, inilantad ng mamamayan
12 1 kabataan pinaslang, 2 sinampahan ng gawa-gawang kaso sa TK
12 Kultura: Ibangon ang lakas

*Ang KALATAS ang opisyal na pahayagan ng rebolusyonaryong mamamayan ng Timog Katagalugan. Pinapatnubayan ito ng Marxismo-Leninismo-Maoismo. Inilalathala ito ng Partido Komunista ng Pilipinas (MLM) at ng Bagong Hukbong Bayan ng Timog Katagalugan.*

*Inaanyayahan ng pamatnugutan ang mga mambabasa na mag-ambag sa pagpapahusay ng ating pahayagan. Magpadala ng mga komentaryo at mungkahi, balita at rebolusyonaryong karanasan na maaaring ilathala sa ating pahayagan. Tumatanggap ito ng mga liham sa:*

dagundong.tk@gmail.com

archive.org/details/@southern_tagalog_revolutionary_portal

tumblr.com/strevportal

@comkathryn.bsky.social

Ang nilulutong inter-imperyalistang gera ng US sa Asia Pacific ang mas malaki at pangunahing panganib sa sambayanang Pilipino. Hindi pa ito nasasapatan sa mga gerang pumuputok sa iba't ibang bahagi ng daigdig at nanganganti ng sigalot sa Asia dahil desperado itong ampatin ang dinaranas na matinding krisis. Para sa US, oportunidad ang gera upang tuluy-tuloy na kumita sa pagbebenta ng armas, hadlangan ang ibayong paglakas ng mga karibal nitong kapitalistang bansang China at Russia at patuloy na igiit ang hegemonya nito sa daigdig.

Kasabwat ng US ang mga papet nito pangunahin ang sagadsaring si Ferdinand Marcos Jr. at AFP. Nililinlang nila ang mamamayang Pilipino sa pagpipinta sa US bilang kaibigan na nagtatanggol sa bansa laban sa China at sa gayo'y pinahihintulutan ang ibayong panghihimasok militar ng US. Sinasagkaan din nila ang panawagan para sa mapayapang resolusyon sa usapin ng WPS. Wala silang ganansya sa diplomatikong pakikipag-ayos sa China kaya't sumasakay sa gerang gustong iputok ng US.

Ang pangangayupapa at bulag na pagsuporta ni Marcos Jr. sa panggegera ng US ay pagtupad lamang sa tungkulin sa among naglagay sa kanya sa tuktok ng estado poder sa pamamagitan ng pandaraya sa eleksyong 2022. Umaasta siyang Zelensky ng Asia Pacific sa paninikluhod para sa suportang militar habang nagbubuga ng paninirang puri sa mga kalaban ng US. Dinagdagan pa niya ang mga tagibang na kasunduang militar ng Pilipinas sa US sa pagpirma sa Bilateral Security Guidelines kung saan ginawang ligal ang paglahok ng mga Pilipino sa gera ng US.

Buu-buo namang sinusuportahan ng AFP ang mapandigmang layunin ng US dahil sadya itong hinulma upang maging alagad at tagapagtaguyod ng imperyalismo sa Pilipinas. Kumakawag ang buntot ng mga heneral ng AFP habang sumusunod sa bawat atas ng US—pagpapagamit nang libre sa mga pasilidad militar, pagtatayo ng mga bagong base militar, pagtanggap sa libu-libong tropang Amerikano, pangangalaga sa mga kagamitan at sasakyan ng US at pagmamaang-maangan sa pang-aabuso ng imperyalistang hukbo sa rekurso, kababaihan at kalikasan ng Pilipinas. Sinuhayan pa ng estado ang plano ng US na paglalagak ng marumi at mapanganib na armas nukleyar sa Mindoro at Palawan.

Kapalit ng mga ito, inaasahan ni Marcos Jr. at AFP ang dagdag na ayuda at bagong armas mula sa US na magagamit—hindi pa sa pagharap sa panlabas na banta—kundi sa pagpapatindi ng kontra-rebolusyonaryong gera at kampanyang supresyon laban sa masang magsasaka, manggagawa, kabataan, kababaihan, at iba pang aping uri't sektor sa Pilipinas. Sa ganito nakikita ang direktang kaugnayan ng US at ng mapandigmang layunin nito sa tuluy-tuloy na pasistang pang-aatake sa mamamayang Pilipino.

Hindi mapasusubalian ang lansakang pambabalewala ng US sa soberanya ng Pilipinas—tanda na hanggang ngayo'y umiiral ang

relasyong panginoon at alipin, amo at neokolonya, sa pagitan ng US at Pilipinas. Sa esensya, sunod sa dikta ng US ang lahat ng patakaran at programa, kasama ang sa aspetong militar, na ipinatutupad ng tutang republika ng Pilipinas. Matatandaang sangkot ang Pilipinas sa mga gera tulad ng Vietnam War, Korean War at ang pandaigdigang War on Terror na pulos US ang nag-udyok. Bukod sa pagpapadala ng tropang Pilipino, hinahayaan din ng gubyerno na gamitin ng US ang bansa bilang gasolinahan at pahingahan ng mga sasakyang pandigma. Ganito rin ang pagpapailalim ng Pilipinas sa interes ng US sa ekonomya, pulitika, ugnayang panlabas at maging sa kultura.

Sa harap ng banta ng inter-imperyalistang gera, mahigpit na hinihingi sa mamamayang Pilipino na paigtingin ang paglaban para sa kanilang pambansa demokratikong adhikain, laluna para sa pagkakamit ng tunay na kalayaan at kasarinlan ng bansa. Kailangang itaas sa antas ng anti-imperyalistang pakikibaka ang iba pang labang antipyudal at antipasista ng mamamayan at pawiin ang dominasyon ng US sa bansa. Labanan ang pananalanta sa kalikasan at pandarambong ng mga dayuhang kapitalista sa rekurso ng Pilipinas. Tutulan at labanan ang mga ipinapataw na neoliberal na patakaran sa ekonomya na nagpapahirap sa sambayanan at humihigop sa yaman ng bayan. Padagundungin ang panawagan para sa hustisya sa lahat ng krimen ng US, mula sa henosidyo nito sa mga Pilipino noong Digmang Pilipino-Amerikano hanggang sa panggagahasa at pagpatay ng isang Amerikanong kawal kay Jennifer Laude, maging sa lahat ng biktima ng inisponsor ng US na gera kontra-mamamayan ng nagpalit-palitang rehimen. Igiit ang pagbabasura sa mga tagibang na kasunduang militar na Mutual Defense Treaty, Visiting Forces Agreement, EDCA at Bilateral Security Guidelines at iba pa na nagbibigay ng ligal na tabing sa panghihimasok-militar ng US. Igiit ang pagpapalayas ng pwersang US at China sa WPS upang muling makapangisda ang maliliit na mamalakaya at matamasa ng mga Pilipino ang kanilang soberanong karapatan sa likas yaman sa WPS.

Partikular sa yugtong ito, kailangang palakasin ang panawagan para sa diplomatikong proseso ng pagresolba sa sigalot sa WPS bilang alternatibo sa pang-uupat ng gera ng US. Itulak ang pakikipag-alyansa sa mga kalapit-bansa sa Asia Pacific at gamitin ang paborableng desisyon ng UNCLOS. Dapat magsikhay sa mga pampulitikang hakbangin upang ihiwalay ang China dahil sa ginagawa nitong pambabraso at pang-aagaw sa teritoryo ng ibang bansa.

Pinakamataas na anyo ng anti-imperyalistang paglaban ang paglahok sa demokratikong rebolusyong bayan kung saan armadong ipinaglalaban ng mga Pilipino ang kanilang mithing paglaya mula sa imperyalismo at mga katambal nitong salot na pyudalismo at burukrata kapitalismo. Ang pagtatagumpay ng DRB ay ambag sa pandaigdigang pagsisikap na ibagsak ang US at biguin ang mapandigmang balakin ng imperyalismo. Lahat ng patriyotikong Pilipino na may sapat na gulang, pangangatawan at isip ay hinihikayat na sumapi sa Bagong Hukbong Bayan at maging mga magigiting na mandirigmang lumalaban para sa ganap na paglaya ng Pilipinas. K




> "Sa US, China, at iba pang imperyalistang bansa, ang monopolyo burgesya ay kinailangang magtipon ng lakas-militar hindi lamang bilang pamamaraan ng pambansang seguridad kundi bilang paraan ng pagkakamit ng supertubo. Ang banta ng gera ay nagbubuhat sa pamalagiang paghahangad na palakihin ang produksyon para sa digma sa ngalan ng pagtitiyak sa pagpapalawak ng pang-ekonomya at heopulitikal na interes ng monopolyo burgesya sa ibayong dagat.

*- Pandaigdigang Kalagayan: Isang Balangkas*
*Agosto 20, 2019*
*Labanan ang Neoliberalismo, Pasismo at mga Gerang Agresyon*
*(Mga piling akda ni JMS)*

*US at China, layas sa WPS!*

# Ang patuloy na paglapastangan ng US at China sa kalayaan at soberanya ng bansa

Patuloy ang paglapastangan pangunahin ng imperyalistang US at sunod ng China sa kalayaan at soberanya ng Pilipinas. Parehong nananalasa sa West Philippine Sea (WPS) ang mga ito at nagdudulot ng matinding perwisyo sa mamamayang Pilipino. Lumalakas ang panawagan ng bayan na demilitarisasyon ng WPS o pagpapalayas sa mga pwersang US at China sa nasabing karagatan alang-alang sa kaligtasan at kabuhayan ng mga Pilipino.

**Pang-aagaw ng China sa teritoryo at EEZ ng Pilipinas**

Naging mas mahirap ngayon sa mga Pilipinong mangingisda ang magpalaot dahil sa lumalaking presensya ng Chinese Coast Guard (CCG) at milisya nito sa WPS. Wala sa lugar na naghigpit ang China sa paglaot ng mga mamamalakaya laluna kung lalapit sa mga artipisyal na baseng itinayo nito sa mga inangking isla at bahura sa WPS. Tahasang nilalabag ng China ang soberanong karapatan ng Pilipinas sa 200-*nautical miles* (NM) *exclusive economic zone* (EEZ) at *extended continental shelf* na pinagtibay ng desisyon ng Permanent Court of Arbitration noong 2016 sa ilalim ng United Nations Convention on the Law of the Sea.

Nitong taon, nagpatupad ang China ng *unilateral "fishing ban"* para pagbawalan ang mga Pilipino na mangisda sa sariling EEZ nito. Umabot na sa pitong beses ang pambobomba ng tubig ng CCG sa mga bangkang naghahatid ng suplay para sa mga tauhan ng AFP na nasa BRP Sierra Madre na nakaistasyon sa Ayungin Shoal.

Mas uminit ang hidwaan sa pagitan ng AFP at CCG dahil sa pagdalas ng mga *resupply mission* ng AFP at pag-akusa rito ng China ng paghahatid ng mga *construction materials* sa Ayungin Shoal. Sinagpang ng US ang kalagayan upang magpakat din ng kanyang sariling pwersa sa South China Sea (SCS) na ibayong nagpatindi pa ng tensyon sa rehiyon.

**Militarisasyon sa WPS at Asia Pacific**

Sing-aga ng 2005 itrinansporma na ng China ang Panganiban Reef (Mischief Reef) bilang pinakamalaking *military outpost* nito sa Spratlys islands. Naging mas agresibo ito sa pang-angkin sa mga isla at bahura sa WPS matapos ideklara ng US ang estratehikong pagpihit nito sa Asia Pacific o *"pivot to Asia"* noong 2011. Sunod-sunod na tinayuan ng una ng mga artipisyal na base ang Subi Reef at Fiery Cross Reef na kumpleto sa *missile arsenal, aircrafts hangars, radar system* at iba pang pasilidad militar.

Naging kongkretong banta sa imperyalistang paghahari ng US ang paglakas sa ekonomiya at militar ng China kaya't nagkumahog itong pigilan ang karibal. Di hamak na mas agresibo ang pagpapatatag ng posisyon ng US sa tinagurian nitong *first island chain*. Bahagi nito ang Pilipinas kasama ang iba pang bansang alyado ng US sa rehiyon. Mula sa dating limang base militar sa Pilipinas sa bisa ng Enhanced Defense Cooperation Agreement, itinayo ang karagdagdang apat kung saan lahat ay nakaumang at nakaharap sa SCS at sa Taiwan. Ang iba'y malapit sa mga instalasyon ng China sa Spratly Islands at isa ang nasa dulong hilaga ng Luzon, malapit sa Taiwan. Ang EDCA ay nagpapahintulot sa US na magtayo ng mga base, magkaroon ng *joint-military trainings, pre-positioning* ng mga kagamitan at magtayo ng mga pasilidad tulad ng *runways*, imbakan ng langis at mga gamit pandigma sa Pilipinas.

Ang lahat ng plano at aktibidad-militar at ekonomiya ng US sa Asia-Pacific at panghihimasok militar sa Pilipinas ay bahagi ng hegemonikong interes nito sa rehiyon at layuning i-ensirkulo ang China. Bahagi nito ang isinagawang 39th Balikatan Exercises nitong Abril na pinakamalaki sa kasaysayan. Kinatangian ito ng *command post exercises, cyber defense, field training* at palamuting *humanitarian civic assistance.* Ginamit din sa pagsasanay ang Patriot at Avenger *missile* at *high mobility artillery rocket system* (HIMARS). Ngayong taon, target ng US na ilunsad ang higit 500 aktibidad militar sa pagitan ng AFP, tropang US at mga kaalyadong bansa nito sa Asia Pacific. Sa unang pagkakataon din, ipinakat ng US sa Asia Pacific ang bagong *mid-range missile launcher* na tinawag na Typhon. Lantaran itong panggagalit sa China.

Kung tutuusin, dekada nang regular na nagdedeploy ang US ng pwersang nabal at panghimpapawid para pangalagaan diumano ang *"freedom of navigation"* sa SCS. Ang USS Gabrielle Giffords ng 7th US Fleet na isang *littoral combat ship* ay naglulunsad ng *routine operations* sa SCS na tinututulan naman ng China.

**US at China, layas!**

Sa harap ng patuloy at lansakang pangyuyurak ng US at China sa kalayaan at soberanya ng Pilipinas, nararapat ang puspusang paglalantad sa tunay na motibo ng imperyalismong US. Tutulan at labanan ang pakana ng US na gamiting pambala sa kanyon ang mga Pilipino at ang bansa bilang lunsaran ng imperyalistang gera nito kontra China. Gayundin, labanan ang pag-angkin ng China sa teritoryong karagatan ng Pilipinas at pang-aapi nito sa mga Pilipinong mangingisda.


Kinakailangang igiit ang independyenteng patakarang panlabas, soberanya at integridad ng teritoryo ng bansa nang hindi maging *battleground* ng mga nagriribalang imperyalistang kapangyarihan ang Pilipinas katulad ng nangyari sa Ukraine. Dapat palayasin ang mga tropang US at alisin ang mga itinayong base nila sa bansa. Dapat i-demilitarisa ang WPS kapwa ng US at China. Dapat lutasin sa negosasyon at diplomatikong pamamaraan ang sigalot sa WPS sa pagitan ng Pilipinas at China at hindi humantong sa armadong komprontasyon dahil sa panunulsol ng imperyalismong US. Higit sa lahat, dapat makibaka ang mamamayan upang ibagsak ang paghahari ng imperyalismong US sa Pilipinas.

Ang malawak na nagkakaisang hanay ng sambayanang Pilipino para ipagtanggol ang kalayaan at soberanya ng bansa ay aani ng higit na respeto at suporta ng mga bansa at mamamayan ng daigdig. Ang pagsusulong ng tunay na kalayaan sa balangkas ng pambansa-demokratikong rebolusyon para ibagsak ang imperyalismo, pyudalismo at burukrata kapitalismo ay maghahatid sa bansa sa inaasam na tunay na kalayaan at ganap na pag-ehersisyo ng pambansang soberanya.

## Palawan: Base militar ng US

Nakapwesto sa susing isla ng Palawan ang ilang base militar ng US: ang Oyster Bay malapit sa Puerto Princesa City at ang isla ng Balabac sa Timog Palawan. Ang Naval Forces West (Navforwest) na pasilidad sa Oyster Bay ay itinayo noong 2016 sa *old-growth mangrove forest* o mga bakawan at *limestone cliffs* sa kanluran at gitnang bahagi ng Palawan na nakaharap sa SCS. Tinagurian itong *mini-Subic* dahil sa kakayahan nitong mag-akomoda ng malalaking *warships* at saklaw na malawak na gubat para sa pagsasanay.

Samantala ang isla ng Balabac ay matatagpuan sa bahaging Kanluran, malapit sa Spratly islands, mayor na arkipelagong pinagtutunggalian sa SCS at lokasyon ng ilang portipikadong base ng China. Ang Balabac ay may layong 140-NM sa Spratlys. Tinayuan ng US ang Balabac ng tatlong kilometrong *runway* at daungan. Kasama ito sa bubuhusan ng US ng panimulang pondong $82 milyon para sa pagpapaunlad ng mga base militar nito sa ilalim ng EDCA.



## Mga perwisyong dulot ng militarisasyon sa WPS

Polusyon

Pagkawasak ng tahanan ng mga *flora* at *fauna*

*Poaching*

Pagkamatay ng mga *coral reefs*

Pagliit ng dami ng huling isda

Pagdami ng anti-sosyal na aktibidad sa palibot ng mga base militar



# Mga aktibidad ng Balikatan 39-24 sa TK, kinundena

Kinundena ng mga rebolusyonaryong pwersa at mamamayan ng Timog Katagalugan ang isinagawang Balikatan 39-24 na sumaklaw sa ilang probinsya ng rehiyon.

Sa Palawan, dalawang tinaguriang *'high-impact'* na aktibidad ng Balikatan Exercises ang isinagawa sa ilalim ng Combined Joint All Domain Operations — ang Training on Maritime Key Terrain Security Operations at High Mobility Artillery Rocket System Rapid Insertion. Inihanda ang aktibidad at mga kagamitan sa kampo ng Western Command ng AFP. Inilunsad din ang *multilateral maritime exercises* mula Abril 25-29 sa West Philippine Sea na sumaklaw sa mga karagatan ng Palawan at Mindoro.

Higit na ikinabahala ito ng mga Palaweño lalo't ilang ulit na naglayag ang mga barkong pandigma ng China sa West Philippine Sea habang inilulunsad ang mga pagsasanay ng US at AFP.

Ayon kay Patnubay de Guia, tagapagsalita ng NDFP-ST, "Sinasakyan ng US ang paghahari-harian ng China sa WPS upang tuluy-tuloy na manghimasok at tapakan ang pambansang soberanya ng Pilipinas... dapat ilunsad ang malawakang pakikibakang bayan at padagundungin ang malakas na pagtutol ng sambayanang Pilipino sa imperyalistang gera."

# PJMS sa TK: Tagpuan at pandayan ng rebolusyonaryong teorya at praktika

Masasabing matalas ang isang patalim kung ito ay nakahihiwa, ngunit kung hindi ito mahahasa nang madalas, ito ay tiyak na pupurol at mangangalawang. Ganundin ang isang rebolusyonaryo kung hindi hahasain ang ideolohiya at hindi lulubog sa masa't lalahok sa kanilang pakikibaka. Hindi niya matuturok ang interes at suliranin ng masa at hindi sila mapapamunuan. Sa ganitong lente rin dapat suriin ang kasalukuyang kalagayan ng Partido Komunista ng Pilipinas at mga indibidwal na kadre at kasapi nito.

Ang napapanahong kilusang pagwawasto na inilulunsad ng Partido ay nanawagan ng pagpapalawak ng kasapian at pangangailangang paghusayan ang paglalapat ng Marxismo-Leninismo-Maoismo (MLM) sa kongkretong kalagayan ng ating bayan. Mahalagang maunawaan ng mga sandata ng rebolusyon—ng kasapian ng Partido, ng mga Pulang mandirigma at kumander at ng buong rebolusyonaryong kilusang masa—na ang kilusang pagwawasto ay kilusang pag-aaral.

Hakbang pasulong sa pagwawasto ang matagumpay na paglulunsad ng magkakasabay na Pampartido at pulitiko-militar na pag-aaral sa isang sonang gerilya sa Timog Katagalugan. Malaking tagumpay ang paglulunsad ng mga nasabing pag-aaral sa kabila ng walang tigil na mga *focused military operations* (FMO's) sa mga larangang gerilya ng rehiyon.

Dinaluhan ng mga kasapi at kadreng nakababata, panggitna at mga beterano ng Ikalawang Dakilang Kilusang Pagwawasto ang Paaralang Jose Maria Sison (PJMS) at ang Batayang Kursong Pulitiko-Militar (BKPM). Ayon sa isang kasama, hindi naging madali ang paghahanda para sa aktibidad. Kinonsolida muna ang buong yunit ng Hukbo na nanguna sa pag-aaral. Pinulong din ang mga organisasyong masa at sangay ng Partido sa lokalidad para makatuwang.

"Ang puso ng lahat ng gawaing pang-ideolohiya ay edukasyon," ito ang palagiang dinidiinan ni Ka Lek, ang punong instruktor sa inilunsad na Intermedyang Kurso ng Partido (IKP). Susi ang rebolusyonaryong edukasyon para pataasin ang pampulitikang kamulatan at kahandaan sa mga sakripisyo at kahirapan ng mga rebolusyonaryo—lalo na sa panahong sumasagipsip sa mga rebolusyonaryong pwersa ang demoralisasyon bunga ng mga pinsala at pag-atras. Konsolidasyon sa ideolohiya rin ang magpapaunawa sa mga rebolusyonaryo ng kahalagahan at bigat ng kanilang mga gawain.

Kinakitaan ang mga lumahok sa IKP ng kasikhayan sa pag-aaral. Mayaman at buhay ang mga talakayan. Tumampok sa IKP ang talakayan hinggil sa rebolusyong agraryo dahil sa mga naibahaging karanasan at halimbawa na mula sa aktwal na praktika ng pagsusulong nito. Nagluwal din ang IKP ng mga rebolusyonaryong pyesang pangkultura. Ipinamalas ng mga mag-aaral ang kanilang pagkamalikhain sa mga pagtatanghal gaya ng *puppet show, skit*, awit-galaw at paggawa ng mga kanta, komiks at debuho.

Sa kabilang iskul naman, pinanday ng Batayang Kurso ng Partido (BKP) ang mga panibagong kadre mula sa lungsod at sa lokalidad. Inarmasan ng BKP ang mga bagong sibol na kadre ng saligang proletaryong paninindigan, pananaw, at pamamaraan. Inilatag at diniinan ang kahalagahan ng paglalapat ng mga saligang prinsipyo ng MLM sa rebolusyonaryong praktika. Ibinunga ng BKP ang pagpapahayag ng mga instruktor at mag-aaral ng mas mataas na komitment sa rebolusyon.

"Rebolusyonaryong dahas ang gagapi sa reaksyunaryong dahas kung kaya mahalaga rin ang pagpapakahusay sa disiplina at aksyong militar sa pagsasanay man o sa aktwal na mga operasyon," ito naman ang saad ni Ka Bea, isa sa mga mag-aaral ng BKPM. Ayon kay Ka Bea, higit na naunawaan niya ang pamumuno ng Partido sa Hukbo dahil sa BKPM. Pinatimo rin sa mga nagsanay ang bakal na disiplinang kailangang taglayin ng mga Pulang mandirigma. Ayon sa isa pang mag-aaral, ang disiplina sa Hukbo ang nagpaunawa sa kanya ng saligang pagkakaiba ng Hukbong Bayan sa mga berdugong AFP-PNP. Naging matingkad para sa mga nagsanay ang pagkakaiba ng BKPM sa mga pasistang programa na Reserve Officers Training Corps (ROTC) at Citizens Advanced Training (CAT) sa mga paaralan.

Walang silbi ang talas ng isang sandata kung hindi rin isasabak sa labanan. Kung gayon, walang silbi ang rebolusyonaryong teorya bilang sandata kung hindi rin hahasain sa praktika at itinataas ito sa antas ng teorya sa pamamagitan ng mga paglalagom. Sa kasalukuyang kritikal na yugto ng pambansa demokratikong rebolusyon, mahalaga ang patuloy na pagpapatalas sa mga sandata ng rebolusyon sa parehong teorya at praktika. Habang hinahasa ang mga rebolusyonaryo sa praktika, kailangan din nilang taglayin ang Komunistang diwang di magagapi—susi rito ang kilusang pag-aaral at kritikal sa sariling kahandaan sa pagwawasto sa mga kamalian na siyang ubod ng kilusang pagwawasto. K

### *Itigil ang dredging at reklamasyon sa Manila Bay!*

# Pakikibaka para sa buhay at kabuhayan ng Caviteño

Buhay at kabuhayan ang pinipinsala ng mga proyektong *dredging*, reklamasyon at kumbersyon sa mga kostal na munisipalidad ng Cavite at karatig nitong Manila Bay. Matinding tinatamaan nito ang mga mangingisda at residente na umaasa sa Manila Bay bilang pangunahing pinagkukunan ng hanapbuhay. Samantala, apektado rin ang *natural habitat* ng mga halaman at hayop doon partikular ang mga bahura, korales, bakawan, isda, halaan, talaba, tahong, sugpo at iba pa.

Higit 360,000 residente sa siyam na munisipalidad na kostal ng Cavite (Bacoor City, Cavite City, Kawit, Maragondon, Naic, Noveleta, Rosario, Tanza at Ternate) ang apektado ng mga mapangwasak na proyekto. Sa mga ito, 94 barangay ang nasa tabing-dagat.

**Perwisyo sa kabuhayan at kalikasan**

Nagaganap ang *dredging operations* o paghuhukay ng buhangin at iba pang materyales sa ilalim ng karagatan, at sa mga tabing-dagat ng Cavite City, Naic, Noveleta, Rosario, Tanza at Ternate para sa pagmimina ng *black sand* at iba pang buhangin. Ang *black sand* ay buhangin na nagtataglay ng *magnetite*, isang mahalagang sangkap sa paggawa ng bakal.

Ang San Miguel Corporation (SMC) na pagmamay-ari ni Ramon Ang ang isa sa pangunahing nagsasagawa ng *dredging* sa lugar, katuwang ang Royal Boskalis bilang kontraktor nito. Dinadala at itinatambak nito ang mga nahuhukay na buhangin sa *site* ng mga proyektong reklamasyon ng SMC kabilang ang Aerotropolis Bulacan at Manila International Airport.

Ayon sa mga residente, mahigit 22 barko ang nagpapabalik-balik kada araw para sa *dredging operations* mula 2021. Mapanganib ang mga barkong ginagamit sa *dredging* at reklamasyon dahil malakas itong humigop nang anumang nasa palibot nito. Halos araw-araw na sinasagasaan ng mga ito ang mga bangka at lambat. Noong Pebrero 2022, apat na mangingisda sa Rosario ang muntikan nang mahigop ng barkong Boskalis na nagde-*dredging*. Bilang hakbangin, ipinagbawal na ang paglapit ng 2,500 metro sa mga nag-ooperasyong barko.

Buhat nang isagawa ang *dredging*, nabawasan na ang huli ng mga mangingisda. Kabilang si Tatay Riza, 44, sa mga residente at mangingisdang apektado ang kabuhayan. Kwento niya, "Noong dati na masigla pa ang mga huli, inuulam pa namin nang tatlong beses sa isang araw ang sobra sa mahuhuli namin. Pero noong maglunsad ng reklamasyon at *dredging* mula 2021 hanggang 2023, unti-unting nawala ang mga isda. Binulabog kasi ang ilalim ng dagat at mga koral na pinamamahayan ng mga isda."

Dati, kumikita pa si Tatay Riza ng ₱300-500 kada araw sa paglaot. Ngayon, maswerte na aniya ang makauwi ng ₱200-300 sa isang araw. Upang madagdagan ang kita, nagtatrabaho siya bilang *construction worker, pedicab driver,* mangangalakal, tindero ng tinapa at daing, nagbibilad at naglalako ng tuyo at manggagawa sa *fishport*.

Sinisira rin ng mga barkong nagde-*dredging* ang mga bahura, koral at *aquaculture farms*. Malaki at permanente ang pinsala nito sa *marine ecosystems* ng Manila Bay. Sa reklamasyon pa lamang, tinatayang apektado ang 10 *marine protected area* at *key biodiversity area* na sumasaklaw sa 155, 171.07 ektarya.

Inireresulta rin ng *dredging* at reklamasyon ang pagtaas ng lebel ng tubig na nagtataas ng risgo ng pagbaha at pagguho ng mga baybayin. Kapansin-pansin ang biglang pagbaha sa mga lugar na may reklamasyon sa Bacoor City.

**Pangangamkam, pagpapalayas at pandarahas**

Dagdag na pasakit sa mga Caviteño ang malawakang pangangamkam ng mga lupa sa panabihan ng Manila Bay at pagpapalayas para bigyang daan ang proyektong reklamasyon at kumbersyon. Karamihan sa mga proyektong ito ay nakabalangkas sa pagtatayo ng *road links* o *road networks, transport facilities* para sa mga *economic zones* at turismo.

Ikinababahala ng mga Caviteño ang laganap na kumbersyon ng mga lupaing agrikultural tungong komersyal dahil permanente nitong tatanggalan ng hanapbuhay ang mga magsasaka at mangingisda. Sa pagtatayo pa lamang ng Cavite-Laguna Expressway, tinatayang maaapektuhan ang 40% ng produksyon ng palay sa probinsya. Sa Manila Cavite Toll Expressway naman, nangangamba ang mga mangingisda dahil tatabunan nito ang kanilang dagat at lugar na pinagbibilaran ng tuyo.

Ang mga pagtutol ng mamamayang Caviteño ay tinatapatan ng pasismo. Dumudulo rin ang mga kontraktor at kasabwat nitong lokal na yunit ng gubyerno sa pandarahas para lamang mairatsada ang mga proyektong reklamasyon at kumbersyon.

Sa Bacoor City, naging talamak ang sunog at demolisyon sa mga komunidad ng maralita at mangingisda mula 2020. Sa ilalim ng termino ng noo'y Bacoor City Mayor Lani Mercado-Revilla, hindi bababa sa 10 ang naitalang sunog lalo sa mga komunidad ng mangingisda. Ngayon, sa panunungkulan ni Bacoor City Mayor Strike Revilla, mahigit 15 sunog ang naganap sa loob lamang ng dalawang taon. Nasa 1,000

pamilya na ang napalayas, nawalan ng hanapbuhay at tirahan dahil dito.

Sa Rosario naman, ipinatawag ni Mayor Voltaire Ricafrente noong 2023 ang mga residenteng tumututol sa reklamasyon para pagbantaan at pagbawalang magsalita.

Tuluy-tuloy ang paghahasik ng teror ng mga pwersa ng NTF-ELCAC sa tabing ng mga Community Outreach Program at Community Information Awareness and Approach Program. Bahagi ito ng *retooled community support program* ng mga lokal na yunit ng PNP at 2nd Civil Military Operations Battalion ng AFP.

**Pagpupunyagi sa pakikibaka**

Sa gitna ng kahirapan at karahasan, patuloy na kumikilos ang mamamayang Caviteño para igiit ang kanilang karapatan sa kabuhayan at panirikan.

Mula 2020, inoorganisa na ng mga residente ang kanilang hanay para sa kampanyang pagtutol sa *dredging* at reklamasyon. Isinagawa nila ang mga konsultahan, pulong talakayan at asembliya na nagluwal ng matutunog na lokal na aksyong masa. Nakipagdayalogo sila sa mga lokal at panlalawigang ahensya hanggang sa nakapagsampa ng kaso sa mga opisina ng Department of Environment and Natural Resources, Bureau of Fisheries and Aquaculture Resources at Philippine Reclamation Authority.

Nakapaggiit din sila ng ayuda at kompensasyon mula sa mga lokal na yunit ng gubyerno at mga kumpanya sa likod ng reklamasyon at *dredging* kagaya ng SMC. Nakamit nila na makuha ang kada kwartong ayudang ₱5,000 para sa mga mangingisdang may-ari ng bangka at ₱2,400 para sa mga miyembro ng samahang nagreklamo. "Pero hindi ito sasapat sa laki ng perwisyong dala ng mga proyekto at sa dami ng mga apektadong mangingisda," ayon kay Tatay Riza.

Iniresulta ng kanilang sama-samang pagkilos ang pansamantalang pagpapatigil ng reklamasyon noong Agosto 2023. Sa kabila ng muling pagpapahintulot ng ilang proyektong reklamasyon nitong Abril, mataas ang diwa ng mga mangingisda at mamamayang Caviteño na makibaka hanggang magwagi ang kanilang laban. 🅺

---

**TUGON** *ni* PATNUBAY DE GUIA

# Paano niyuyurakan ng Balikatan Exercises ang pambansang soberanya ng Pilipinas?

Tahasang pagyurak sa pambansang soberanya ng Pilipinas ang mga ehersisyong militar sa pagitan ng US, Pilipinas at iba pang kaalyadong bansa ng US. Pinakahuli nito ang Balikatan 39-24 nitong Abril 22-Mayo 10.

Ang Balikatan 39-24 ay magkasanib na pagsasanay militar ng US at Pilipinas, kalahok ang tropang Pranses at mga kinatawang tagamasid ng 14 pang bansa. Nagpokus ito sa opensa at pagdepensa sa mga baybayin. Nilagpasan nito ang saklaw na karagatan ng Pilipinas. Naglayag ito sa kanlurang karagatan sa pagitan ng Batanes at Palawan na itinuturing na internasyunal na karagatan. Malinaw na hindi lamang pagsasanay ang layunin nito kundi ang pagpapamilyarisa ng tropang US sa kalupaan at karagatan ng Pilipinas at ng South China Sea.

Nilalapastangan ng Balikatan ang sariling pagpapasya ng mamamayang Pilipino na itakda ang konduktang militar sa saklaw na teritoryo ng bansa at nilalabag ang karapatan ng bayan sa kabuhayan, kapayapaan at malusog na kapaligiran.

Una, garapalang sinasalaula nito ang soberanong karapatan ng Pilipinas. Pinatitibay lamang ng Balikatan ang pagsalalay ng Pilipinas sa ayudang militar at pagsusuplay ng armas ng US. Pinipigilan nito ang pagpapaunlad ng komprehensibong programa sa depensa na ayon sa prinsipyo ng pagsusulong ng nagsasariling patakarang panlabas.

Ang mga aktibidad na kaugnay ng Balikatan at mga kagamitang pandigma na dinadala sa bansa ay pawang nasa sariling pagtatakda ng imperyalismong US. Kailanman ay di nakonsulta dito ang mamamayang Pilipino.

Sa kapinsalaan ng mamamayang Pilipino, dinedeploy at sinusubok ng US sa Pilipinas ang samu't saring makabagong mga kagamitang militar kagaya ng Typhon Missile System (TMS) na binubuo ng apat na *missile launcher* na kayang magpalipad ng misayl sa layong 1,600 kilometro. Binuo ang TMS bilang sagot ng US sa kapabilidad militar ng China at Russia. Una nang dineploy ng US ang HIMARS (High Mobility Artillery Rocket System) noong 2023.

Ikalawa, salungat sa interes ng sambayanang Pilipino, higit na isinasangkot ng Balikatan ang Pilipinas sa nilulutong inter-imperyalistang gera ng US at China. Isinasara nito ang pagnanais ng sambayanan na lutasin ang panggugulo at agresyong militar ng China sa West Philippine Sea (WPS) sa pamamagitan ng mapayapa ngunit pursigidong diplomatiko at pulitikal na paraan.

Sa tabing ng Balikatan, nagdala ang US ng libu-libong tropang Amerikano habang ang mga piniling sayt ng mga ehersisyong militar ay yaong nakaharap sa China. Katambal ng mga ehersiyong militar ang pagpapalawig ng mga base militar ng US sa bansa. Dati nang pinahintulutan ng mga tutang pangulo ng Gobyerno ng Republika ng Pilipinas ang pagtatalaga ng mga base ng US sa Pilipinas. Sa ilalim ng Enhanced Defense Cooperation

Agreement (EDCA), siyam na base ang pinahintulutang ipagamit sa US. Subalit may walo pang base na pinahintulutang gamitin ng US labas sa EDCA. Nauna nang naiulat na nakita na ang mga tropang US sa mga lugar ng Ilocos Norte, Ilocos Sur, Oriental Mindoro at Occidental Mindoro. Ginamit din nila ang dating Subic Naval Base sa Zambales.

Dagdag sa tensyon ang pagpwesto ng US sa isla ng Mavulis sa Itbayat, Batanes para maghanda sa gera laban sa China sakaling atakehin ng huli ang Taiwan. Ang distansya lamang ng Mavulis ng Batanes sa Cape Eluanbi ng Taiwan, pinakatimog na parte ng isla ng Taiwan, ay 128 kilometro.

Gaya ng inaasahan, lalong nagsindi ito ng galit ng mga upisyal ng estado ng China. Bago pa man ito, ikinagalit na nito ang magkasanib na ehersisyo noong Abril 7 at 18. Mainit na usapin din ang inianunsyo ni US Army Pacific Commander General Charles Flyn na magpupwesto ng *surface-launched medium range missile* sa Indo-Pacific sa katapusan ng taon.

Ikatlo, malayang nagdedeploy ng mga sasakyan at sandatang nukleyar ang hukbo ng US sa bansa. Patunay rito ang pagpapapasok sa tatlong *carrier strike group* ng US Navy, gaya ng USS Carl Vinson, USS Abraham Lincoln at USS Ronald Reagan.

Sinusuhayan pa ito ng kasunduang *nuclear energy* ng US at Pilipinas na 123 Agreement kung saan magbibigay ang US ng mga rekurso at kagamitan para makalikha ng *nuclear energy* sa Pilipinas. Tiyak na gagawing tabing ito sa mas madulas na pagpapasok ng armas nukleyar sa bansa.

Mapanganib ang kagamitang nukleyar dahil sobrang sensitibo ng mga kemikal sa loob ng mga ito. *Radioactive* din ang dumi na inilalabas ng enerhiyang nukleyar. Maaari itong pagmulan ng lason na magdudulot ng permanenteng pinsala sa buhay at kabuhayan ng mamamayan.

Ikaapat, sinagasaan ng mga ehersisyong militar ng US ang buhay at hanapbuhay ng mamamayan sa mga eryang pinagdarausan ng pagsasanay. Halimbawa, gamit ang malalakas na *howitzer*, mga *machine gun* at misayl na anti-tangke, isinagawa ang praktis ng depensa sa kunwaring atake ng China sa bansa. Takot, troma, kaguluhan at pagkawala ng kabuhayan ang idinulot nito sa mga residente sa eryang saklaw ng ehersisyo.

Ipinagbawal ang pamamalakaya sa mga baybay dagat ng Ilocos Norte, Palawan at mga baybayin sa kanlurang Luzon. Nagresulta ito sa pagkawala ng arawang kita ng mga mangingisda. Pangmatagalang epekto nito ang pagkasira ng yamang dagat sa sinaklaw ng pagsasanay. Naitaboy ang mga isda palayo sa lugar at nasira ang tirahan at pangitlugan ng isda na mga bakawan at bahura. Ito ay dulot ng pagpapasabog ng mga amunisyon sa kunwaring mga labanan at kaakibat nitong kemikal na polusyon.

Ikalima, ang mga nagsasanay na tropang Amerikano na dumadayo sa Pilipinas ay wala sa hurisdiksyon ng reaksyunaryong batas ng GRP. Ligtas ang mga ito mula sa paglilitis sa anumang krimen. Tampok dito ang kaso ng panggagahasa ni Lance Corporal Daniel Smith kay “Nicole” at pagpatay ni Lance Corporal Joseph Scott Pemberton sa *transwoman* na si Jennifer Laude. Ang mga kriminal na ito ay nagtamasa pa ng seguridad at alwan sa piitan ng AFP. Pinakamasaklap pa, pinawalang-sala noong 2020 ni dating tiranong pangulong Duterte si Pemberton at pinahintulutan siyang bumalik ng US.

Yukod-ulong tinanggap ng mga nagdaang papet na pangulo mula rehimeng Aquino I at ngayon, ni Marcos Jr. ang lahat ng nabanggit na epekto ng Balikatan sa bayan. Malinaw ang sagad-sa-butong pagkatuta ni Marcos Jr. sa US at pagiging kasabwat sa pagsagasa sa pambansang soberanya ng Pilipinas. Dumalo pa siya sa *trilateral summit* ng Pilipinas, US at Japan noong Abril 11.

Kaugnay nito, tungkulin ng sambayanang Pilipino na ubos-kayang ibwelo ang malawak na kilusang anti-imperyalista. Dapat ituluy-tuloy ang paglaban sa panghihimasok militar ng US habang nananatili ang imperyalismo sa bansa.

Kailangang puspusang ilantad ang panunulsol ng gera ng US at pagmamanipula ng sentimyento ng mamamayang Pilipino laban sa China. Ilantad ang tunay na intensyon ng US na mapatanggap sa publikong Amerikano at Pilipino na magpwesto ng mga tropa at armas sa Pilipinas, makapagbenta ng sarplas at pinaglumaang armas ng US. Malinaw na malaki ang kikitain ng US sakaling sumiklab na ang panibagong gera sa Asia Pacific, kahalintulad ng sinulsulan nilang gera sa Ukraine at Gaza.

Dapat buklurin ang lahat ng demokratikong mga pwersa para labanan ang panghihimasok militar ng US at ipaglaban ang paglalansag ng mga base nito sa Pilipinas. Kasabay nito, palayasin ang China sa teritoryo ng Pilipinas at ipatigil ang panggigipit nito sa mangingisdang Pilipino. Kailangang ipanawagan ang demilitarisasyon ng WPS.

Kailangang patampukin ang paniningil sa mga krimen ng US sa bansa sa mahigit isang siglong paghahari-harian at pandarambong nito. Ilantad ang mga paglabag sa karapatang tao, pambobomba at iba pang pang-aabuso sa pinatinding kampanyang dinisenyo, pinondohan at inarmasan ng US sa Pilipinas.

Higit pang palakasin ang ugnayan at mga alyansang kontra sa imperyalistang gera ng US sa iba’t ibang bahagi ng mundo. Palakasin ang panawagan sa masang Amerikano na makiisa sa pakikibakang Pilipino at tutulan ang pagbibigay ng gubyernong Biden ng ayudang militar at armas sa rehimeng Marcos Jr.

Pinakamahalaga at mapagpasya, dapat puspusang palakasin ang Bagong Hukbong Bayan at ibayong isulong ang malaganap at masinsing pakikidigmang gerilya sa buong kapuluan sa anti-imperyalistang pakikibaka at bilang suporta sa buong patriyotikong kilusan. K



## Tigil-pasada, sagot ng mga tsuper sa dedlayn ng pwersahang konsolidasyon

Muling naglunsad ng tigil-pasada at mga protesta ang maliliit na *operator* at *driver* ng mga *jeep* ngayong Abril bilang bahagi ng tuluy-tuloy na paglaban sa PUV Modernization Program (PUVMP) na papatay sa kanilang kabuhayan. Itinakda sa Abril 30 ang dedlayn ng *mandatory franchise consolidation* sa ilalim ng PUVMP.

Dalawang bugso ng tigil-pasada ang inilunsad sa buong bansa sa pangunguna ng Pagkakaisa ng mga Samahan ng Tsuper at Operator Nationwide (PISTON) at Samahang Manibela Mananakay at Nagkaisang Terminal ng Transportasyon (Manibela). Ang una ay noong Abril 15-16 at ang huli ay mula Abril 29 hanggang Mayo 1. Lumahok dito ang mga tsuper at maliliit na *operator* mula sa CALABARZON at MIMAROPA.

Noong Abril 15, paralisado ang 80% ng mga mayor na ruta sa nagkakailang bayan sa Cavite at Laguna kasabay ng paralisasyon ng mga biyahe sa National Capital Region. Nagawa ring iparalisa ang ilang mayor na lansangan sa Cavite, Laguna, Rizal at Batangas sa ikalawang tigil-pasada. Lumundo ang mga welga sa pagsama ng daan-daang tsuper at *operator* sa pagkilos ng iba't ibang sektor noong Pandaigdigang Araw ng Paggawa noong Mayo 1 sa Calamba, Laguna.

Malaking dagok sa kabuhayan ng mga manggagawa sa sektor ng transportasyon ang PUVMP at konsolidasyon ng mga ruta at prangkisa. Sa programang ito, ipagkakaloob lamang ang prangkisa sa mga bagong kooperatiba o korporasyon na hahawak sa 10-15 yunit ng sasakyan. Ipagbabawal na ang mga luma't tradisyunal na *jeep* na ayon sa gubyerno ay hindi sumusunod sa "pamantayan" ng kaligtasan at kunsiderasyong pang-kapaligiran. Mapipilitan ang mga tsuper at operator na bumili ng mga ineendorsong bagong *e-vehicle* (elektronikong sasakyan) na nagkakahalaga ng ₱2.4-₱2.8 milyon kada yunit para lamang makapag-hanapbuhay.

Dagdag gastos sa mga *driver* ang ₱40,000-₱50,000 na *"membership fee"* na hinihingi ng mga kooperatiba o korporasyon. Hindi madaling bawiin at pwedeng hindi na makuha ang *fee* na ito sakaling magpasyang umalis ng kooperatiba, kwento ng ilang *driver* mula sa Batangas.

Maraming *driver* at *operator* ang tumututol sa programa dahil sa napakataas na gastusin at malinaw na pagkiling ng gubyerno sa interes ng mga kumpanyang makikinabang sa PUVMP tulad ng mga prodyuser ng mga elektronikong sasakyan at mga tagasuplay ng kuryente.

Sa pag-aaral, lumalabas na kakailanganing kumita ng isang *driver* ng ₱6,899 - ₱7,000 sa isang araw upang mabayaran ang halaga ng bagong sasakyan at lahat ng kanyang gagastusin para sumunod sa PUVMP. Higit 10 beses ang laki nito sa kasalukuyang kita ng isang karaniwang *driver*.

"Ang kinikita na lang namin ngayon ay nasa ₱500-₱700 sa loob ng tatlong ikot. Maliit 'yung *take-home* namin dahil napupunta lang ito sa krudo at *boundary*," ani Samuel Dizon, higit tatlong dekada nang namamasada. Nasa ₱1,150 ang sinusulit niyang *boundary* kada araw.

Negatibo rin ang epekto ng PUVMP sa mga mananakay. Sa kwentada ng mga eksperto, maaari nitong itaas ang pamasahe nang hanggang ₱25-₱40.

Nangako ang mga progresibong *driver* at *operator* na hindi titigil sa paglaban sa PUVMP kahit matapos ang dedlayn sa konsolidasyon. Inaasahang titindi ang laban para sa kabuhayan lalo't nagdeklara ang gubyernong Marcos II na huhulihin ang mga bibiyaheng *jeep* na walang prangkisa simula Mayo 1.

## Marahas na pang-aagaw sa Lupang Tartaria, nilalabanan

Hindi natinag ng mararahas na atake ang mga residente ng Lupang Tartaria, Silang, Cavite na nagdedepensa ng kanilang karapatan sa lupang panirikan at kabuhayan mula sa pangangamkam ng mga MBK-PML na Aguinaldo at Ayala.

Nagtindig ng barikada at kampuhan ang mga residente at magsasaka sa pamumuno ng Samahan ng Magsasaka at Mamamayan ng Tartaria (SAMATA) bilang tugon sa pagpasok sa lugar ng tinatayang 60 armadong tauhan. Nagmula ang mga maton sa Jarton Security at inupahan ng mga Aguinaldo at Ayala upang takutin at palayasin ang mga magsasaka. Nais ng mga Aguinaldo-Ayala na ipasaklaw ang Lupang Tartaria sa inaambisyon nilang *commercial complex* mula Cavite na tatagos hanggang Laguna.

Binabakuran ng mga gwardya mula sa Jarton Security ang palibot ng mga sakahan sa Lupang Tartaria mula Abril 16. Marahas din nilang sinira ang mga bakod na itinayo ng mga magsasaka sa kanilang lupa bilang depensa. Sila rin ang salarin sa panghaharas sa mga magsasaka noong Abril 3 at mga kaso ng iligal na pagpasok sa mga bahay at lupa ng mga residente.

Noong alas-2 ng madaling araw ng Abril 20, siyam na tao ang nasugatan sa pataksil na pag-atake ng mga maton sa mapayapang kampuhan sa Lupang Tartaria. Ninakaw rin ng mga kriminal ang gamit ng mga magsasaka't residente saka sinunog ang kampuhan.

Sa parehong araw, 1:30 ng hapon, ay tinangka ng mga maton na magtayo ng sariling barikada at bakod upang itaboy ang mga residente. Pinigilan sila ng mga taga-Tartaria na nanindigang walang karapatan




*Larawan ng dinemolis na bahagi ng barikada ng mga magsasaka sa Lupang Tartaria, Silang, Cavite*

ang mga maton na gawin iyon dahil walang *permit* mula sa munisipyo ang Jarton Security.

Muli, dinahas ng mga maton ang mga residente't magsasaka. Limang tao ang napinsala, kabilang ang dalawang residenteng binato ng mga maton ng *CGI sheet* o yero.

Ang mga insidente ng karahasan ay kinundena na ng iba't ibang organisasyon at personahe kasama ang isang progresibong grupo ng mga artista at ng kinatawan ng Kabataan Partylist. Nagpatawag rin ng dayalogo ang Commission on Human Rights noong Abril 25 subalit wala pang atas na palayasin ang mga maton mula sa Lupang Tartaria.

"Nagkampuhan na kami sa lupa, andito pa rin yung mga tao, at ang tindig namin ay hindi kami aalis dito at patuloy kaming magbabantay," pahayag ng kinatawan ng SAMATA.

**Kasaysayan ng paglaban**

Magiting na lumalaban ang mga residente ng Lupang Tartaria upang manatili sa lupang matagal na nilang naipagtagumpay. Ang Tartaria ay dating bahagi ng 200-ektaryang Lupang Aguinaldo na inaangkin ng mga Aguinaldo mula pa dekada 1940. Ayon sa mga residente, sila ang naunang tumira at nagpayaman sa lugar sapul noong 1911 matapos pumutok ang Bulkang Taal.

Dahil sa paggigiit ng mga magsasaka, sinaklaw ng Comprehensive Agrarian Reform Program ang Lupang Tartaria at iniutos na ipamahagi sa 137 benepisyaryong pamilya noong rehimeng US-Corazon Aquino. Kinontra ng pamilya Aguinaldo ang utos ng Department of Agrarian Reform (DAR) hanggang sa magawa nitong ipa-*exempt* sa CARP ang naturang lupa sa ilalim ng rehimeng Ramos. Sa kasalukuyan, nakabinbin sa Korte Suprema at DAR ang arbitrasyon hinggil sa pagmamay-ari sa Lupang Tartaria. K

BALITA

## Pamimigay ng pekeng CLOA sa Palawan, inilantad ng mamamayan

Isang palabas at hindi totoo ang pamimigay ng Certificate of Land Ownership Award (CLOA) ng Department of Agrarian Reform (DAR) sa PGP Convention Centre, Palawan noong Abril 11. Dinaluhan ito ng Kalihim ng DAR na si Conrado Estrella III, Bise Gobernador ng Palawan na si Leoncio Ola at mga opisyal ng DAR MIMAROPA at DAR Palawan.

Sa pahayag ng DAR sa *website* nito, 2,046 Palaweño ang tumanggap ng CLOA at naging benepisyaryo ng *farm machineries.* Sa pagtitipon, ipinagyabang din ang batas sa kondonasyon ng mga utang ng magsasaka.

Ngunit ayon sa ilan sa mga dumalong Palaweño, isang malaking kalokohan at *photo-ops* lamang ang naganap. Ang mga CLOA/titulo na ipinamahagi ay hindi nakapangalan sa mga magsasaka. Mali rin ang lokasyon ng lupang nakalagay sa CLOA.

"Hindi ako nag-*attendance*, hindi ko rin tinanggap ang CLOA na di sa akin nakapangalan, at di rin ako sumama sa pagpapa-*picture*," ani Nanay Lydia (di tunay na pangalan). "Baka bandang huli ay palalabasin na kami ay tumanggap ng CLOA at lolokohin lamang."

Biktima rin ng pakulo ang isang opisyal ng kooperatiba ng *palm oil* na pinadalo sa aktibidad kahit mayroon nang hawak na CLOA. Aniya, "Eh ang CLOA namin ay panahon pa ni Ramos ipinamahagi." Ang bagong CLOA na ibinigay sa kanya ay hindi rin nakapangalan sa kanya ni sa kanyang lupa. "Nag-aaksaya lamang ng pera ang gubyerno para lamang sabihin na namahagi ng lupa."

Sinagot ng DAR ang lahat ng gastusin mula pamasahe ng lahat ng dumalo, pati ng mga magsasakang galing sa malalayong lugar. Baha rin ng *food packs* at meryenda. Namahagi rin ng mga *t-shirt* na may mukha ni Marcos Jr. at Estrella at nakaimprentang islogang "Sariling Lupa para sa Bagong Bukas na Masagana". K




*Larawan ng t-shirt na ipinamigay ng DAR*

## 1 kabataan pinaslang, 2 sinampahan ng gawa-gawang kaso sa TK

Pinagbabaril ng pasistang 4th IBPA hanggang mapatay si Jay-el Banay Maligday, mag-aaral ng Grace Mission College sa kanyang tahanan sa Brgy. San Roque, Bulalacao, Oriental Mindoro noong Abril 7, bandang alas-5 ng umaga.

Nilusob ng 4th IBPA ang kanyang tahanan at matapos mapaslang ay pinalabas na kasapi ng Bagong Hukbong Bayan. Mariing pinasubalian ng mga kaanak at kababaryo ni Jay-el ang paratang ng 4th IBPA. Nanawagan sila ng hustisya sa krimen ng berdugong 4th IBPA.

Samantala, sinampahan ng 85th IBPA ng kasong paglabag sa Section 8 ng The Terrorism Financing Prevention and Suppression Act of 2012 sina Paul Tagle, tagapagsalita ng Tanggol Quezon at Fritz Labiano, *coordinator* ng Kabataan Partylist-Quezon. Inilabas ng Department of Justice ang *preliminary investigation resolution* na nagrerekomendang sampahan ng mga naturang kaso sina Tagle at Labiano noong Abril 8.

Batay sa isinampang kaso, tinawag ng AFP na "pagpopondo sa terorismo" ang pagbisita nina Tagle at Labiano at paghahatid ng pagkain sa mga detenidong pulitikal na sina Rowena Dasig at Miguela Piñero noong Hulyo 2023. Noon ding Hulyo 2023, ni-*red-tag* ni 85th IBPA *commanding officer* Lt. Col. Joel R. Jonson sa *live broadcast* ng SMNI ang Karapatan Southern Tagalog dahil sa pagbibigay ng tulong sa mga detenidong pulitikal. Nagbanta rin si Lt. Col. Jonson na magsasampa ng kaso.

Iginiit ng Defend Southern Tagalog na ang pagbibigay ng tulong at suporta sa mga detenidong pulitikal ay hindi akto ng terorismo. Anila, "Desperadong pakana ito ng 85th IBPA upang patahimikin ang mga tagapagtanggol ng karapatang tao." K



# Ibangon ang lakas

*ni Bagong Pag-asa*

*Capo: 4th fret*

Intro:
*Gm F*
Kung lukob ng kadiliman
*Bb C F*
ang buong bansa
Gm F
Walang pagpipilian
*Bb C F C*
kundi pag-aalsa

*F G C*
Pamanang sulo ng himagsikan
*F G C*
Hawakan nang mahigpit
*Am Em*
Papag-alabin sa buong kapuluan
*F G C*
Pandayin di magagaping lakas

*Am Em*
At sa bawat hagupit ng karahasan
*F G C*
Ang baya'y tumitindig
*Am Em*
Nagbabangon, lumalaban
*F G C*
Hanggang paglaya ay makamtan!

Koro:
*F G C*
Tayo na't ibangon ang lakas
*F G C*
ng ating dakilang kilusan
*F G C*
Anuman ang balakid ating iigpawan
*F G*
*C*
Magwasto, buong tatag na makibaka
*F G C*
Mula sa kanayunan hanggang kalunsuran
*F G C*
Sumulong hanggang tagumpay!

Bridge:
*Am Em*
Pagkakamali'y itutuwid
*F G C*
Dakilang teorya ang gabay natin
*Am Em*
Sumalig sa lakas ng sambayanan
*F G C*
Buong tatag na magbalikwas!

*(Ulitin ang Koro)*
*F G C*
Mula sa kanayunan hanggang kalunsuran
*F G C*
Sumulong hanggang tagumpay!